LEVEL 2

# Leveled Reader
in Filipino

# Ang Mensahe sa Buhangin





Isinulat ni Charmaine Aserappa

Iginuhit ni Roel Obemio

Sinuri ni May L. Mojica



Nakatira si Miguel malapit sa dalampasigan at mahal na mahal niya ang dagat.

Isang araw, nakita niya na namamatay na ang mga magagandang isda sa baybayin. Sinabi ng kaniyang ina na nagtatapon ng mga basura at dumi ang lokal na kumpanya ng pagmimina sa ilog na humahantong sa dagat.



"Sino po ang makapipigil sa kanila?" tanong ni Miguel.

"Ikaw," sabi ng kaniyang ina.

"Ako po?"

"Ito ay laging nakasalalay sa atin," paliwanag ng kaniyang ina.

"Magpadala ka ng mensahe sa kanila."



Nakahanap ng patpat si Miguel at nagsulat ng mensahe sa buhangin: S.O.S.

"*Save Our Seas*," sabi ni Miguel sa sarili.



Ngunit dumating ang malalaking alon at inanod ang mga salita.



Paulit-ulit na isinulat ni Miguel ang mensahe. Isinulat niya ito kahit sa mga damong-dagat.



Isinulat niya ito gamit ang mga sirang kabibi.




Paulit-ulit ding inaanod ng mga alon ang bawat salita.



“Walang katuturan ito! Walang makakikita ng mga mensahe ko,” buntong-hiningang sabi ni Miguel.

“Subukan mo ulit,” hikayat ng kaniyang ina. “Magdasal ka at magtiyaga. Huwag kang titigil. Darating ang araw na makikita rin ang mensahe mo. At magbabago ang lahat.”



Hindi nagtagal, may isang makintab na itim na sasakyan ang pumarada sa harap ng kanilang bahay. Dalawang lalaking nakadamit-amerikana at nakasalaming itim ang bumaba mula rito.





“Tuwing umaga, nagpapalipad ng kaniyang eroplano ang aming presidente sa tabing-dagat na ito. Nakikita niya ang iyong mensahe sa buhangin.” sabi ng isa sa mga lalaki. “Pinapunta niya kami rito para malaman kung ano ang ibig sabihin ng S.O.S.”



"Sabihin po ninyo sa inyong presidente na ang ibig sabihin ng S.O.S. ay Save Our Seas," ang sabi ni Miguel. "Pakisabi po ninyo sa kaniya na ipatigil na ang pagtatapon ng basura sa ilog."



“Humahantong ang ilog sa karagatan. Nilalason ng basura ang sa mga isda at halaman. Ginagawa nitong marumi ang tubig at tabing-dagat. Dahil din dito, nagkakasakit ang mga ibon. At iyon ang nagpapalungkot sa akin.”




Umalis ang mga lalaki at nagpatuloy si Miguel sa pagdarasal. Araw-araw, isinusulat niya ang mensahe sa buhangin.



At araw-araw, inaanod ng mga malalakas na alon ang mga salita.



Isang araw, ipinakita ng ina ni Miguel ang pangunahing balita sa diyaryo: NAKUHA NG KUMPANYA NG PAGMIMINA ANG MENSAHE. ITITIGIL NA ANG PAGTATAPON NG DUMI SA ILOG.




Ngumiti si Miguel, tumakbo palabas sa dalampasigan, at nakakita ng isang patpat. Sumulat siya ng isang bagong mensahe sa buhangin: SALAMAT.



Muling dumating ang mga alon mula sa karagatan at inanod nang muli ang bawat salita. Pero ngayon, dala-dala ng mga alon ang mensahe saan man ito mapadpad.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation